

Mga pamahiin sa isang S and T na komunidad: Sipat-siyasat sa karanasan ng mga mag-aaral sa isang science high school

Galdonez, Dominic Patric ✉

Philippine Science High School-Ilocos Region Campus, Philippines (galdonezdg@irc.pshs.edu.ph)

Licay, Wilmar Jansen

Segura, Eriquessen Jorja

Buscaino, Sherry Heart

Layaoen, Hrizha Althea

Santos, Makyla Danielle



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 1 August 2022

Available Online: 20 October 2022

Revised: 1 September 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b001

Accepted: 4 October 2022

Abstract

There may be a lot of differences in the beliefs of Filipinos, but superstitions play a big role in their everyday lives. However, in the modern and present day, due to the influence of the continuous innovations and development of science and technology, this influence is on the brink of extinction, especially for the younger generation. Hence, this study aimed to investigate the superstitions that are known and presently being practiced by students, the reasons, and factors why they still believe in superstitions, and its implications in their personal lives, society, and culture. The qualitative approach, specifically the narrative research design was used to analyze the gathered data. Results show that many students still believe and practice superstitions despite being in a science high school. Furthermore, the superstitions that students believe the most are the superstitions on death, birthdays, and weddings. Meanwhile, they don't strongly believe in superstitions about agriculture. The main factors that affect beliefs are one's family, especially grandparents, parents, and other relatives. It was also known that social media is also a factor that affects one's belief and it contradicts with other studies, where science and technology don't pose a threat on the belief in superstitions. Other than that, it was derived from the data that superstitions have positive and negative implications on one's personal life, the community, and the Filipino culture. Thus, superstitions continue to prevail in modern society, regardless of concrete evidence to prove its claims. These beliefs are considered as legacy from ancestors as well as they will continuously shape citizens.

Keywords: superstitions, science high school, beliefs, implications

Mga pamahiin sa isang S and T na komunidad: Sipat-siyasat sa karanasan ng mga mag-aaral sa isang science high school

1. Introduksiyon

1.1 Ang mga pamahiin sa buhay ng tao

Ang pamahiin ay paniniwala na nagbunga mula sa pagiging ignorante, takot sa mga bagay na lingid sa kaalaman ng tao, tiwala sa mahika, o sa mga kuro-kurong nagmula pa sa matatandang henerasyon (Almonte, 2016). Sa ibang salita, ang pamahiin ay isang uri ng paniniwalang walang rasyonal o siyentipikong batayan ngunit may epekto sa ating pang-araw-araw na buhay (Bautista et al., 2020). Ang mga ito ay kadalasang nagmumula sa mga matatanda sa bawat pamilya at nagmimistulang utos mula sa kanila na walang malinaw na dahilan o kung ano ang maaaring maging epekto sa paglabag o hindi pagsunod rito. May mga pamahiin sa iba't ibang okasyon at ilan sa mga ito ay tungkol sa burol, pagbubuntis, bagong taon, kasal, o kahit na normal na araw sa loob ng tahanan. Sa paglipas ng panahon, unti-unting nagkakaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa lipunan at agham ang mga Pilipino. May mga nakatatandang patuloy pa ring pinapasa ang mga pamahiin sa kanilang mga kapamilya at mayroon din namang ibang hindi na ito ipinapasa at isinasagawa dahil sa pagkakaroon ng masinsinang pag-aaral tungkol sa mga pinaniniwalaang walang batayan. Batay sa pag-aaral nina Lopez et al. (2015), ang mga pamahiin ay patuloy pa ring nabubuhay at nananatili sa ating lipunan sa kabila ng makabagong panahon at karamihan sa mga ito ay may mga katangiang nagbibigay ng pagbabago sa kaisipan, pag-uugali at damdamin ng bawat indibidwal. Dala ng patuloy pa ring pagtanggap ng mga Pilipino sa pagsasagawa at paniniwala sa mga pamahiing ipinamana pa ng mga ninuno, dahil dito, ang Pilipinas ay maituturing ngang isang tradisyonal na bansa (Pacheco et al., 2021; Lopez et al., 2015). Ngunit, sa kasalukuyan, patuloy ang pag-usbong ng makabagong teknolohiya kaya mas mabilis na ang pagkalat ng iba-ibang impormasyon sa *social media* na dala ng modernisasyon na unti-unting binabago ang kulturang Pilipino (Sario, 2017). Dahil dito, may mga nag-aalalang baka makalimutan na ng bagong henerasyon ang mga pamahiing malaking bahagi sa kultura ng mga Pilipino.

1.2 Pinagmulan ng mga pamahiin

Marami ang naniniwalang ang konsepto ng pamahiin ay nagmula pa noong mga sinaunang panahon kung saan sinubukan ng mga taong gumawa ng mga maliwanag na katuwiran at kaukulang aksiyon upang harapin ang hinaharap na walang kasiguraduhan. Kabilang din sa kasaysayan ng pamahiin ang paniniwala sa milagro, mahika, at salamangkang malalim na nakaugat sa kultura ng isang komunidad. Ang mga ito, lalo na ang mga pamahiin ay nagtulak sa pagbuo ng maraming gawi at kaugalian, gaya ng mga pinaniniwalaan at isinasagawang tradisyon sa pagkain ng mga tao sa Ireland (Philibín & Mac Con Iomaire, 2021). Makikitang nakapaloob din ang mga pamahiin sa panitikan ng mga sinaunang kabihashan, tulad ng alamat at mito (Cruz-Lucero, 2013). Masasalamain sa mga kuwentong bayang ito at sa mga pamahiing nakapaloob dito na naging mahalagang bahagi ang mga ito sa katutubong kultura na nagbigay daan sa kanilang pang-araw-araw na buhay: pagsamba, paggagamot, paghula ng kapalaran at hinaharap, at pagkakaroon ng mahiwagang pag-iisip (Kajiru & Nyimbi, 2020).

Sa kabila ng patuloy na modernisasyon na nagdudulot sa pagkalimot ng pamahiing naging bahagi na ng kulturang Pilipino, marapat bigyan ang mga ito ng halaga. Ang sadyang paglimot ng mga pamahiin ay may implikasyon sa pagpapanatili ng kultura. Ngunit, mahirap itong ipilit lalo na sa panahon ngayon kung saan wala nang masyadong nagsasagawa at sumusunod sa mga ito. Kahit man may mga sektor na gustong panatilihin ang mga Pilipinong pamahiin, gaya ng mga lokal na pamahalaan, eskuwelahan at museo, kailangan pa rin ng ibayong pagpapaliwanag ng kahalagahan kung bakit dapat itong mapanatili. Gayunpaman, ang mga pamahiin ay bahagi

na ng kultura at kasaysayan ng mga Pilipino kaya marapat lamang na ang mga ito ay pahalagahan at masusing isalin sa kasalukuyan at sa mga susunod pang henerasyon. Sa pag-aaral nina Lopez et al. (2015), inalam nila kung anong mga pamahiin noon ang nananatiling buhay hanggang ngayon. Habang ang pag-aaral naman nina Abanilla et al. (2018) ay tungkol sa pagpapanatili sa mga sinaunang pamahiin at sa konsepto sa sarili ng mga kabataang Cabuyeno sa gitna ng modernisasyon. Sinubok naman ng pag-aaral ni Sario (2017) kung taglay pa ba ng mga kabataan ang mga tradisyonal na kaugaliang Pilipino. Samantala, pinag-aaralan ang epekto ng paniniwala sa pamahiin ng mga mag-aaral ng *senior high* sa Unibersidad ng Our Lady of Fatima. Nakatuon naman sa pang-unawa ng mga kabataan sa pamahiin ng mga Pilipino ang pag-aaral nina Besa et al. (2021). Kung titingnan ang mga nabanggit, may isang salik na parehas sa lahat ng pag-aaral. Lahat ay may kinalaman sa kaalaman ng mga kalahok sa pamahiin o tradisyon ng mga Pilipino.

1.3 Banta ng modernisasyon sa mga pamahiin

Gaya ng mga pag-aaral na nabanggit, ang pag-aaral na ito ay nakatuon din sa kaalaman ng mga mag-aaral sa isang *science high school* ukol sa pamahiing patuloy na pinaniniwalaan. Ang tanging pagkakaiba lamang pagdating sa paksang nais pag-aralan ay ang pagkakaroon ng mga kategorya sa mga pamahiin, pagtukoy sa implikasyon ng mga pamahiing pinaniniwalaan ng mga kalahok sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at kung anong mga pamahiin ang higit na pinaniniwalaan at pinakamadalas na banggitin ng mga kalahok. Pinili ang mga mag-aaral sa isang *science high school* dahil sa penomenong sa kabila ng mga konseptong pang-agram at teknolohiya ay patuloy na may naniniwala sa mga pamahiin lalong-lalo na ang mga mag-aaral mula sa Philippine Science High School-Ilocos Region Campus. Madali na lamang ang pang-unawa ng mga nasangkot na mag-aaral sa konsepto ng pamahiin dahil sa kanilang mga karanasan at napag-aralan. Dahil dito, mas matalas din ang kanilang isip sa pagtukoy ng mga implikasyon sa kanilang personal na buhay, lipunan, at kultura. Dagdag pa rito, sila ay kabilang sa malaking bahagi ng kabataang tinaguriang pag-asa ng bayan, kaya ang mga tugon ng mga napiling kalahok ay makabuluhan sa pangkalahatang idea ng pag-aaral at para maging paunang panukat sa kahahantungan at kinabukasan ng mga pamahiin. Ang mga natipong impormasyon ay mahalagang malaman at matukoy upang mapangalagaan at mapanatili ang mga pamahiin at tradisyong nag-uugnay sa nakaraan at magsisilbi ring pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Idagdag pang malaki ang kontribusyon nito para mas mapayabong ang kultura ng Pilipinas at kaalaman ng mga tao sa lipunan ukol sa iba't ibang mga pamahiin at paniniwala.

1.4 Pagpapahayag ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong tipunin, alamin, at suriin ang mga pamahiing patuloy na pinaniniwalaan ng mga mag-aaral sa Philippine Science High School - Ilocos Region Campus sa panurung taong 2021-2022. Sinikap ding sagutin ang sumusunod na tanong:

- Ano-ano ang mga pamahiing nalalaman at patuloy na pinaniniwalaan ng mga mag-aaral?
- Ano ang mga salik sa patuloy na paniniwala at di paniniwala ng mga mag-aaral sa mga pamahiin?
- Ano ang implikasyon ng mga patuloy na pinaniniwalaang pamahiin sa mga mag-aaral sa sumusunod na aspekto: personal, lipunan, at kultura?

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwalitatibong lapit ng pananaliksik, partikular na naisakatuparan ang deskriptibong penomenolohikal na disenyo ng pananaliksik dahil sa layuning tuklasin ang esensiya sa mga pangyayari, karanasan, at implikasyon ng mga pamahiin sa buhay ng mga kasangkot sa pag-aaral (Creswell, 2009; Wojnar & Swanson, 2007), gayundin ang kadalasan ng pagsasagawa at paggamit nila ng mga pamahiin batay sa kanilang mga paniniwala at pagtanggap sa mga ito.

Populasyon at Sampling - Ang mga kasangkot ay mga mag-aaral na mula sa Philippine Science High School - Ilocos Region Campus sa Panuruang Taon, 2021-2022; naniniwala sa mga pamahiin; may alam na higit sa sampung pamahiin; at boluntaryong sumailalim sa isang panayam at kuwentuhan. Ang mga kalahok ay sumailalim sa sarbey at isinakatuparan din ang pakikipanayam sa ilang mga kasangkot para tukuyin ang kaisahan ng idea. Ang mga tagatugon ay mula sa iba't ibang baitang ng PSHS-IRC kung saan dalawampu't tatlo (23) ang mula sa ikalabindalawang baitang, anim (6) sa ikalabing-isang baitang, labing-isa (11) sa ikasampung baitang, sampu (10) sa ikasiyam na baitang, anim (6) sa ikawalong baitang, at siyam (9) sa ikapitong baitang. Gumamit ang mga mananaliksik ng *purposive sampling* sa pagtukoy ng mga kasangkot sa pag-aaral upang makakuha ng mga makabuluhan at angkop na datos na naaayon at matugunan ang layunin ng pag-aaral.

Instrumento ng Pag-aaral - Ang mga mananaliksik ay bumuo ng talatanungan at *interview consent form* gamit ang *Google Form* upang malaman ang demograpikong pagkakakilanlan at para matukoy ang mga kalahok na pumayag sa pakikipanayam at angkop sa pamantayan ng pag-aaral. Ang mga kasama sa pakikipanayam ay sumailalim sa isang *semi-structured* na pakikipanayam sa pamamagitan ng *zoom meeting*. Bukod rito, ang mga mananaliksik ay gumamit at gumawa ng *checklist* ng mga tanong na ginamit sa *interview* upang maging organisado at makabuluhan ang mga karanasan at impormasyong nakalap.

Paraan ng Pangangalap at Pagsusuri ng Datos - Nagpamudmod ang mga mananaliksik ng mga talatanungan at *interview consent form* gamit ang *Google Form*. Sa pagsagawa ng panayam ay nagpapakilala muna ang mga mananaliksik at binanggit ang mga dapat malaman ng mga kalahok lalong-lalo na ang tunguhin ng pag-aaral. Humingi rin ng pahintulot ang mga mananaliksik sa mga kinapanayam para sa rekording. Ang mga datos na nakuha sa *interview* ay itinranaskrayb at nilagyan ng mga *code* at ito'y pinag-uuri-uri gamit ang *Google Sheet*. Gumamit ng tematikong pag-aanalisa o *Thematic Analysis* para sa pagsusuri ng mga datos. Dito isinagawa ang pagkilala ng mga *pattern* ng tema ng mga sagot at inayos kung saan naaangkop ang mga natukoy na pamahiin. Bukod rito, sunuri at itinala kung ilan ang tumatanggap at hindi tumatanggap sa ganoong klase ng pamahiin gamit ang *frequency count*. Ang prosesong ito ay ginamitan ng pagbibilang at pagtatala kung ilang respondante ang bumanggit sa parehong pamahiin. Huli, sinuri din kung gaano kadalas nilang isinasagawa ang pamahiing madalas nilang pinaniniwalaan.

3. Resulta at Diskusyon

Makikita sa bahaging ito ang mga nakalap at interpretasyon ng mga datos sa pag-aaral.

3.1 Mga Pamahiing Patuloy na Pinaniniwalaan ng mga Mag-aaral

Makikita sa mga talahanayan sa ibaba ang mga tala ukol sa mga patuloy na pinaniniwalaang pamahiin ng mga mag-aaral sa Philippine Science High School-Ilocos Region Campus sa panuruang taong 2021-2022. Ang mga pamahiin ay nahati sa sumusunod: pamahiin ukol sa pagpapagawa ng bahay; pamahiing pinaniniwalaan ukol sa patay, lamay, at burol; pamahiing pinaniniwalaan ukol sa pagbubuntis, panganganak, at pagpapasuso; pamahiing pinaniniwalaan ukol sa pagpapakasal at pag-aasawa; pamahiing pinaniniwalaan ukol sa agrikultura; pamahiing pinaniniwalaan ukol sa kaarawan; pamahiing pinaniniwalaan ukol sa pagkakasakit at paggagamot; pamahiing pinaniniwalaan ukol sa suwerte; at iba pang pamahiing pinaniniwalaan na wala sa kategorya.

Talahanayan 1

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Pagpapagawa ng Bahay

Pamahiin	Frequency
Paglalagay ng krus na kawayan sa <i>construction site</i> bago magpatayo ng bahay.	12
Pag-aalay ng bigas, itlog, tubig, <i>soft drinks</i> , at alak kapag nasimulan na ang pagpapagawa ng bahay.	21
Paglalagay ng dugo ng buhay na hayop sa mga pundasyon ng bahay ay dapat isagawa.	15
Paglalagay ng mga medalya o barya sa pundasyon ng bahay.	16

Mga pamahiin sa isang S&T na komunidad: Sipat-siyasat sa karanasan ng mga mag-aaral sa isang high school

Iwasan ang pagtatanim ng mga halamang makatas upang maiwasan ang paghihirap. Ang pagpapatayo ng bahay ay dapat sa mga buwan ng Marso, Hunyo, Hulyo, Agosto, Setyembre, o Nobyembre lamang.	1 4
Iwasang mapunta sa pinakadulo ng subdibisyon ang puwesto ng lote.	3
Paglipat sa bagong gawang bahay ay ginagawa lamang sa mga araw ng Miyerkoles o Sabado.	1
Inuunang ipasok ang asin at bigas sa bagong gawang bahay.	18
Pangangailangang magbaon ng lumang libro sa bagong bahay.	1
Paglalagay ng dugo ng hayop sa mga bagong bahay at/o gamit.	1
Oro, Plata, Matang dekorasyon sa bahay	1

Tuwing magpapatayo ng bahay, o kahit ng kahit anomang estruktura, may mga pamahiing iniuugnay rito. Natukoy na ang pag-aalay ng bigas, itlog, tubig, *soft drinks*, at alak kapag nasimulan na ang pagpapagawa ng bahay ang pinakapopular. Sumunod naman ang unang pagpasok ng asin at bigas sa bagong gawang bahay at ang paglagay ng mga medalya o barya sa pundasyon ng bahay. Ang tatlong nabanggit ay ginagawa upang maging masuwerte at maayos ang pamumuhay ng pamilyang titira dito. Napatunayan din ito sa pananaliksik ni Talbo (2018) na ang paglalagay ng bigas, asin, tubig, at koton ay isang halimbawa ng paniniwalang Ilokano tuwing *house blessing*. Sa kabila ng mataas na bilang ng mga nakaalam sa ibang mga pamahiing nabanggit, mayroon ding mga pamahiing hindi masyadong pamilyar sa iba gaya ng pag-iwas sa pagtatanim ng mga halamang makatas upang maiwasan ang paghihirap, paglipat sa bagong gawang bahay ay ginagawa lamang sa mga araw ng Miyerkoles at/o Sabado, pangangailangang magbaon ng lumang libro sa bagong bahay; ang paglipat sa bagong gawang bahay ay ginagawa lamang sa kabilugan ng buwan.; ang paglalagay ng dugo ng tao sa mga mas malalaking imprastruktura; ang “oro plata mata” o ginto, pilak, kamatayan na siyang dapat gamiting batayang bilang ng mga hakbang sa hagdan (Zarate, 2015 na binaggit ni Talbo, 2018).

Talahanayan 2

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Patay, Lamay, at Burol

Pamahiin	Frequency
Ipinagbabawal ang pagsuot ng mga pula o matitingkad na damit dahil nakaiinsulto ito sa patay.	53
Ang paglilinis sa lamay ay ipinagbabawal.	30
Hindi dapat nag-uwi ng pagkain bago ang ika-40 araw o habang nagaganap ang lamay dahil baka may sumunod na mamatay.	28
Hindi dapat pumatak ang luha sa takip na salamin ng kabaong dahil mahihirapang maglakbay ang namatay patungo sa kabilang buhay.	16
Huwag matulog habang nagpapatuloy ang lamay dahil maaaring bumangon ang espiritu ng namatay at mahumaling sa mga demonyo. Maaaring pigilan nito ang mga natutulog na magising.	10
Ipinagbabawal ang pagkukuto sa lamay dahil mas lalong darami lamang ang mga ito.	11
Ipinagbabawal ang pamamaalam kapag may parte ng pamilyang aalis sa burol Pagkagaling sa lamay, hindi dapat pumasok agad sa bahay kung may miyembro ng pamilya ang may sakit sapagkat makasasama ito sa kaniya. Para maiwasan ito, tumapak dapat sa abo sa may pintuan.	16
Dapat maghugas ng kamay sa may pinakuloang tubig na may lamang ugat ng mga halaman - o kaya ay iwisik ng pinakapinuno ng pamilya ang nasabing tubig upang maiwasan ang kung ano mang masamang pangitain.	12
Iwasang lumingon habang dinaraan ang kabaong hanggang sa mailagay na ito sa puntod dahil kung hindi ay mananatili ang espiritu ng patay.	11
Kailangang maayos ang pagdaan ng kabaong sa may pintuan upang maayos ding makapuntang langit ang patay.	11
Sa araw ng libing, ipinagbabawal ang pagtatanggap o paghahabol sa nagmamartsa. Hindi dapat patayin ang ilaw ng patay, sapagkat nagbibigay ito ng liwanag sa daan niya patungo sa kaluwalhatian.	4 12

Ang mga pamahiin hinggil sa patay, lamay, at burol ang pinakapopular sa mga kalahok. Ang pamahiing ipinagbabawal ang pagsuot ng pula o ng kahit na anong damit na may matitingkad na kulay ang pinakapamilyar na pamahiin. Kasunod nito ang pagbabawal sa pagwawalis at sa pag-uwi ng kahit na anong pagkaing galing sa patay. Sa pananaliksik ni Amat (2020), napatunayang marami pa rin talagang naniniwala sa mga pamahiing

tungkol sa patay, lamay, at burol na kahit na urbanisado na ang karamihan sa mga lugar sa Pilipinas. Ipinakitang hindi kayang tuluyang talikuran ng mga Pilipino ang mga nakasanayang tradisyon at nananatili pa rin ang respeto nila sa mga namatay. Ayon kina Lopez et al. (2015), bagaman hindi araw-araw nangyayari ang kamatayan sa isang pamilya, ang pamahiin tungkol sa patay ay nanatili pa rin sa bawat henerasyon. May mga pamahiing pinaniniwalaan ng ilan na hindi gaanong pamilyar gaya ng hindi dapat pagtanggap o paghabol sa mga nagmamartsa sa araw ng libing.

Talahanayan 3

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Pagbubuntis, Panganganak, at Pagpapasuso

Pamahiin	Citation Frequency
Bawal kumain ng mga maaasim na pagkain ang buntis.	9
Ang amoy at pagkain ng suka o sili ay nagdudulot ng pagkabaliw at iba pang problema sa pag-iisip kaya dapat iwasang gamitin o kainin ang mga ito.	5
Ang pagkain ng hilaw na itlog habang buntis ay pinapadali ang panganganak. Kapag napadadalas naman ang contractions, ang pagkain ng hilaw na itlog mula sa native na manok, o tanglad (lemon grass), ay dapat kainin upang mapabilis ang panganganak.	4
Ang pagmamasaha ng tiyan sa ilog sa umaga ay ginagawa upang mauna ang ulo ng bata sa panganganak.	4
Ang “kusilap” o masamang pagtingin o pagbati ay nagdudulot ng “usog” o sakit sa buntis at sa sanggol na nasa kaniyang sinapupunan.	5
Ginagamit ang dahon ng sili sa paghagod sa tiyan at sa ibabang bahagi ng likod ng buntis matapos ang sign of the cross upang maiwasan ang hindi napapanahong panganganak (premature labor).	3
Binabalot ang pusod (umbilical cord) ng sanggol at nilalagay sa tabi ng bintana o malapit sa kalan upang matuyo.	8
Ibinabaon sa lupa ang inunan (placenta) upang hindi maging mainitin ang ulo ng bata, o di kaya ay sa lugar na nauulanan upang hindi madaling maapektuhan ang sanggol sa malamig na panahon.	5
Bawal kumain ng mga maalat na pagkain ang ina dahil hinahadlangan nito ang daloy ng gatas.	8
Hindi pinapayagang maligo ang buntis sa pagsikat ng araw dahil manganganak ito ng albino.	2
Kapag nagkaroon ng lindol, kinakailangang magtapon ng mga bulaklak sa buntis na hindi niya nalalaman upang hindi maging abnormal ang sanggol.	1
Bawal gumala sa gabi ang buntis dahil maaaring makaakit ng mga halimaw ang amoy ng bata sa sinapupunan.	7
Kapag malapit nang manganak ang buntis, kailangan niyang kolektahin ang maliliit na bagay na kaniyang ginamit at ilagay ito sa tubig na kaniyang iinumun.	2

Ang pinakapamilyar na pamahiin sa categoryang inilahad ay ang pagbabawal sa mga buntis na kumain ng maaasim na pagkain; pagbalot at paglagay ng pusod o *umbilical cord* ng sanggol sa tabi ng bintana o malapit sa kalan upang matuyo; at pagbawal sa kanilang kumain ng mga maalat na pagkain upang hindi nito hadlangan ang daloy ng gatas. Mula rito, mapapansing ang tatlong pinakapamilyar na pamahiin ay habilin sa ina upang hindi mapahamak ang kaniyang anak sa kaniyang sinapupunan. Makikita rin ito sa pananaliksik nina Jose et al. (2019) tungkol sa paniniwala at kasanayan kung paano ang pangangalaga sa mga nanay na Aeta mula sa gitnang Luzon sa kaniyang anak.

Mula sa sarbey, mayroon ding pamahiing hindi gaanong pamilyar sa mga kalahok. Ito ay ang, hindi pinapayagang maligo ang buntis sa pagsikat ng araw dahil manganganak ito ng albino; kapag malapit nang manganak ang buntis, kailangan niyang kolektahin ang maliliit na bagay na kaniyang ginamit at ilagay ito sa tubig na kaniyang iinumun; at kapag nagkaroon ng lindol, kinakailangang magtapon ng mga bulaklak sa buntis na hindi niya nalalaman upang hindi maging abnormal ang sanggol. Batay rito, maaaring ang dahilan ng pagiging hindi popular nito ay ang tila katawa-tawa, hindi kapani-paniwalang dahilan kung bakit kailangan ang mga itong gawin, at ang kawalan ng koneksiyon ng rason sa ipinagagawang pamahiin.

Bagaman may ilang pamilyar na pamahiin, karamihan ay hindi pamilyar sa mga pamahiing naitala sa sarbey. Ang dahilan nito ay hindi pa nila mismo naranasang magdalang-tao. Sinasang-ayunan ito ng pag-aaral ni

Yahyah-Muti (2016) na nagsasabing isa ang pagbubuntis sa mga pinanggagalingan ng misconception.

Talahanayan 4

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Pagpapakasal at Pag-aasawa

Pamahiin	Citation Frequency
Pagkatapos ng seremonya ng kasal, ang bagong kasal ay kakain kasama ang kanilang mga magulang at susubuan nila ang isa't isa.	18
Kailangang maghagis ng bigas pagkatapos ng kasal upang hindi makaranas ng gutom ang mag-asawa.	28
Dapat suklayin ng lalaking ang buhok ng babae upang masigurong sila ay mapayapang magsasama.	1
Ang bagong kasal ay tatayo sa hasaan (whetstone) upang mapakinis at mapabuti ang kanilang relasyon.	2
Ang bagong kasal ay susunduin pagkatapos ng kasal at bibigyan ng pera bilang tanda ng masaganang pamumuhay.	20
Ang mga kamay ng bagong kasal ay dapat ilagay sa haligi ng bahay na nakaharap sa itaas.	2
Sa tuwing maliit ang buwan, maliit din ang pang-unawa ng mag-asawa na maaring magdulot ng mas madalas na away habang mas malaki naman ang pang-unawa nila kapag malaki ang buwan.	2
Bawal isukat ng babae ang kaniyang wedding gown bago ang kasal.	27
Bawal magkita ang mga ikakasal bago ikasal.	43
Bawal magpapakasal sa loob ng iisang taon ang magkapatid dahil ito ay sukob	23

Bukod sa pagiging magiliw ng mga Pilipino, natural ding masasayahing tao ang mga Pilipino (Casayuran & Terrazola, 2018), kaya naman hindi nakapagtata kang marami ang maalaman sa usaping pamahiin tungkol sa pagpapakasal at pag-aasawa dahil itinuturing na isa sa mga pinakamasayang araw sa buhay ng tao ang maikasal. Lubos na pamilyar at pinaniniwalaan ang pamahiing bawal magkita ang ikakasal bago seremonya. Ang sumunod ay ang pamahiing kailangang maghagis ng bigas pagkatapos ng kasal upang hindi makaranas ng gutom ang mag-asawa at bawal isukat ng babae ang kaniyang *wedding gown* bago ang kasal. Binanggit din sa pananaliksik nina Lopez et al. (2015), ang pamahiing bawal magkita ang ikakasal bago ang mismong kasal at bawal isuot o isukat ng babae ang kaniyang *wedding gown* bago ang aktuwal na kasal. Habang ang pagsaboy naman ng bigas pagkatapos ng kasal ay binanggit na isa sa mga pinakapopular na pamahiing pangkasal na may 99.5% na lebel ng kamalayan mula sa 220 na kalahok mula sa pananaliksik nina Ruiz et al. (2021).

Talahanayan 5

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Agrikultura at Pagtatanim

Pamahiin	Citation Frequency
Ang buhok ng babae ay tinatanim kasama ng mga pananim upang lumago pa lalo ang mga ito.	2
Ang pagtatanim ng palay ay isinasagawa makalipas ng tatlong (3) araw pagkatapos ng third quarter upang magkaroon ng masaganang ani.	5
Ginagamit na basehan ang mata ng pusa sa pagtatanim ng palay. Kung lumaki ang mga mata ng pusa, may sapat na tubig; ibig sabihin ay tama ang panahon na ito para sa pagtatanim ng palay. Kung lumiit naman ang mga mata nito, ibig sabihin ay hindi sapat ang tubig at hindi pa ito ang tamang panahon para magtanim ng palay	3
Sa pagtatanim ng palay, dapat isinasagawa sa mga araw na nagtatapos sa mga numerong 3, o 7 o kaya mga odd dates upang magkaroon ng masaganang ani.	5
Ang pagtatanim ayon sa mga yugto ng buwan ay makasisiguro ng masaganang ani. Ang pagtatanim ay tuwing Martes para bintog ang butil ng palay.	6
Kapag walang bituin ay hindi dapat magtanim ng palay dahil walang magiging bunga ang mga tinanim. Kung kailan may maraming bituin, marami ring aanihin.	3
Ang sikat ng buwan tuwing Mayo ay senyales na magandang magtanim.	10

Ang agrikultura ay isa sa mga pangunahing kabuhayan ng mga Pilipino kaya isinasagawa ang mga nabanggit na pamahiin upang maging masagana ang mga ani. Batay sa nakalap sa mga kasangkot, ang sikat ng

buwan tuwing Mayo ay senyales na magandang magtanim ang pinakapopular. Sumunod naman ang pagtatanim ayon sa mga yugto ng buwan, ang pagtatanim ng palay ay isinasagawa makalipas ang tatlong araw pagkatapos pangatlong kuarter; at pagtatanim ng palay na dapat isinasagawa sa mga araw na nagtatapos sa mga numerong 3 o 7 o kaya mga *odd dates*. May mga pamahiin ang hindi masyadong pamilyar sa iba kabilang na rito ang hindi maaaring magkaingin kapag walang buwan; kailangan bilog ang buwan para walang mga hayop at maganda ang sibol ng palay; at sasaksakin ang isang puno gamit ang palakol, at kung ang palakol ay nahulog, ito ay nangangahulugang ang lupa ay hindi maaaring taniman. Batay sa pag-aaral nina Cadiz et al. (2021) nabanggit na isang hamon ang pagtuturo at pagsasalin ng mga paniniwala sa mga bata. At ang pahayag na ito ay nasasalamin sa resulta sa mga pamahiin sa agrikultura. Mula sa mga nabanggit na datos mapapansing hindi gaanong pamilyar ang mga respondante sa mga pamahiin sa agrikultura kung ito ay ihahalintulad sa mga datos mula sa iba pang categorya.

Talahanayan 6

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Kaarawan

Pamahiin	Citation Frequency
Hindi dapat bumibiyahang nang malayo ang tagapagdiwang dahil siya raw ay malapit sa kapahamakan.	17
Ang pagkain ng mahahabang noodles o pansit ay nakapagpapahaba ng buhay kung ito ay ihahain sa kaarawan.	45
Suwerte ang pagsusuot ng mapupulang damit sa kaarawan ng isang tao	22
Masamang magsuot ng madilim na kulay na damit tuwing kaarawan dahil umaakit ito ng kamalasan.	6
Masamang batiin ang isang tao nang mas maaga sa kaniyang kaarawan dahil may hatid itong kamalasan.	2
Hindi dapat nagbubuhang ng mabibigat na bagay ang tapagdiwang dahil napipigilan nito ang kaniyang paglaki at lakas ng kaniyang katawan.	2
Kapag naihipan ng tagapagdiwang nang sabay-sabay ang mga kandilang nakatusok sa kaniyang cake, matutupad ang kaniyang hiling.	21

Ang pagdiriwang at kagalakan sa mga espesyal na okasyon ay pinaniniwalaang nagmula sa mga pagano; sa kabila nito, isinasagawa pa rin ng mga Pilipino ang mga pagdiriwang na ito kahit karamihan sa kanila ay mga kristiyano. Ayon kay Romulo (2012), ang pagdiriwang ng kaarawan ay sadyang pinasikat sa Pilipinas noong panahon ng pagsakop ng mga Amerikano. Sa ugali ng mga Pilipino bilang masayahin, simboliko, at sentimental, maaring itinutuloy itong naipamanang ritwal upang magsilbing isang marka ng mga nakalipas na panahon ng isang tao, magmula sa kaniyang araw ng pagsilang.

Sa pag-aaral, ang pamilyar sa paniniwalang pamahiin ay ang pagkain ng mahahabang *noodles* o pansit upang humaba ang buhay. Palasak din sa mga kalahok ang paniniwalang suwerte ang pagsusuot ng mga pulang damit sa kaarawan ng isang tao; habang may naniniwala rin sa pamahiing kapag naihipan ng maykaarawan nang sabay-sabay ang mga kandilang nakatusok sa kaniyang *cake*, matutupad ang kaniyang hiling. Sa mga ipinakitang pamahiin, ang mga pinakamadalang na alam ng mga kalahok ay ang sumusunod: masamang batiin ang isang tao nang mas maaga sa kaniyang kaarawan dahil may hatid itong kamalasan; at hindi dapat nagbubuhang ng mabibigat na bagay ang tapagdiwang dahil napipigilan nito ang kaniyang paglaki at lakas ng kaniyang katawan

Talahanayan 7

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Pagkakasakit at Paggagamot

Pamahiin	Citation Frequency
Kapag may nagkakasakit, kailangan magsabit ng bigas, lalo kung hindi pa ito malala upang gumaling agad ang may sakit.	8
Ang mga sinampay na damit ay hindi puwedeng maiwan sa labas pag gabi dahil puwedeng sapian ito ng espiritu; maaaring magkasakit ang mga bata.	6

Kapag bilog ang buwan ay may naglilipanang masamang espiritu na maaaring magdulot ng sakit.	7
Ang paghiga sa kamang basa ang buhok ay magiging sanhi ng pagkabulag o pagkabiliw.	20
Ang pagkasugat na nangyari sa Biyernes Santo ay matagal bago gumaling	6

Batay sa sarbey, ang pinakapamilyar na pamahiin sa categoryang ito ay ang pagtulog habang basa pa ang buhok na nagsasanhi ng pagkabulag o pagkabiliw na sinundan naman ng pagsabit ng bigas kapag may nagkakasakit, lalo kung hindi pa ito malala upang gumaling agad ang may sakit. Isa pa ay ang pamahiing kapag bilog ang buwan, may naglilipanang masamang espiritong maaaring magdulot ng sakit. May mga naniniwala pa rin sa mga pamahiing pangmedisina dahil sa kahalagahan nito sa kultura at ito ay mahalaga sa pamumuhay ng mga naniniwala sa mga pamahiin (Abad et al., 2014). May mga pamahiin ding pinaniniwalaan ng iilan gaya ng hindi puwedeng maiwan sa labas ang mga sinampay na damit kapag gabi dahil puwedeng sapian ito ng espiritu na maaaring sanhi ng pagkakasakit ng mga bata; at ang matagal na paggaling ng sugat na nangyari sa Biyernes Santo. Mula sa pag-aaral nila Abad et al. (2014), masasabing ang pag-iwan ng sinampay sa gabi at maaaring pagsapi ng espiritu ay konektado sa maligno.

Talahanayan 8

Mga Pamahiing Pinaniniwalaan ukol sa Suwerte

Pamahiin	Citation Frequency
Ang piso ay nilalagay sa loob ng sapatos upang mawala ang nararamdamang kaba ng magsusuot nito.	25
Ang mga pulang damit at kasuotang pang-ilalim (underwear) ay nagbibigay ng suwerte.	19
Ang pagsuot ng mga damit na may bilog o "polka dots" ay ginagawa tuwing sasapit ang bagong taon.	36
Suwerte ang pagkakaroon ng nunal sa mukha.	16
May suwerteng darating pag nakatapak ng dumi (stool).	5

Ang pinakapamilyar na pamahiin ukol sa suwerte ay ang pagsuot ng mga damit na may bilog o polka dots tuwing sasapit ang bagong taon habang may naniniwala naman sa paglalagay ng piso sa loob ng sapatos upang mawala ang kaba ng magsusuot nito. Ang mga bilog sa damit ay sinisimbolo ng mga barya at pinaniniwalaang ito ay makatutulong sa paglaganap ng pera sa bagong taon. Maaaring ito ang may pinakamataas na bilang ng sumagot dahil sa patuloy na paggawa nito ng mga tao sa modernong panahon, lalo na mga Tsino (Miranda, 2020). Ito ay sinundan naman ng pamahiing nagbibigay ng suwerte ang mga pulang damit. Bukod sa mga nauna, ang nunal sa mukha ay may dala ring suwerte. Mayroon ding naniniwala na may suwerteng darating pag may nakatapak ng dumi (stool). Mula sa pananaliksik nila Bautista et al. (2020), humigit kumulang sa kalahati ang nagdadala ng mga *lucky charms* upang lapitan sila ng swerte ngunit naitala rin na ang mga ito ay hindi epektibo.

Talahanayan 9

Mga Iba pang Pamahiing Pinaniniwalaan

Pamahiin	Citation Frequency
Kapag ang kaliwang palad ay nangati, nangangahulugan itong papasok ang pera sa bulsa ng tao.	15
Kapag ang kanang palad ay nangati, nangangahulugan itong lalabas ang pera mula sa bulsa ng tao.	47
Nakatatangkad ang pagtalon tuwing bagong taon.	20
Kung may itim na pusang tumawid sa landas ng tao, kinakailangang bumalik sa pinanggalingan at simulan muli ang destinasyon.	29
Bawal magwalis o ilabas ang ang mga winalis kapag gabi na. Bawal magputol ng kuko kapag gabi na.	21
Bawal bumili ng asin kapag gabi na.	4
Ang taong may malaking tainga ay mabubuhay nang matagal Kapag nakagat ng isang tao ang kaniyang dila, ito ay pahiwatig na may nakaalala sa kaniya o siya ay pinag-uusapan.	13
Ang nunal sa ulo ay nagpapahiwatig na matalino ang isang tao Tuwing natatanggalan ng pilikmata, agad dapat na humiling ang isang tao.	37
	21
	28

May iba pang pamahiing pinaniniwalaan na hindi maaaring iangkop at itapat sa mga kategorya. Ngunit, ang mga pinaniniwalaang naitala sa itaas ay maaari pa ring maiangkop bilang gabay o tulong sa pang-araw-araw na gawain (Abanilla, 2018). Ang pinakapamilyar na pamahiin ay ang mabisang pagtangkad sa pamimigitan ng pagtalon sa bagong taon. Kasunod nito ay ang pinaniniwalaang: kapag nakagat ng isang tao ang kaniyang dila ay pahiwatig ng pag-alala ng ibang tao; ang pangatlong pinakamataas ang bilang ng mga taong naniniwala o nakaaaalam na pamahiin ay ang pagbabawal na magwalis o ilabis ang mga iniwalis sa gabi. May naniniwala ring bawal bumili ng asin sa gabi.

Maliban sa mga nabanggit sa itaas, may mga paniniwala ring ibinahagi ng mga kalahok at ito ay ang sumusunod: kapag ang nunal ay nadaraan ng luha ng isang babae, ito ay mabibyuda; kung malaki ang iyong tainga, suwerte ka; kapag may nahulog na kutsara ay magkakaroon kayo ng bisitang babae at lalaki naman kung tinidor ang nahulog; kapag nakakita ka ng taong walang ulo ay agad sunugin ang suot na damit; kapag nawawala at mukhang nagpapabalik-balik lamang ang tao, dapat baliktarin ang pananamit upang hindi siya kunin ng espiritu; kapag may nahulog na kagamitang pilak o *silverware* mula sa hapagkainan, may paparating na bisita; kapag ang dalaga ay niligpitan ng pagkain, hindi siya makakapagpangasawa; pagbabawal na magputol ng kuko sa gabi, o sa gabi ng Biyernes, dahil tanda ito ng kamalasan; pagsasabi ng “tabi tabi po” kung saan; pagbabawal na ihian ang mga bahay ng langgam o anay dahil bahay raw ito ng duwende; at pagbabawal lumabas pagkatapos bumahing upang maiwasan ang masamang pangitain.

3.2 Mga Salik sa Patuloy na Paniniwala at Di Paniniwala ng mga Pamahiin ng mga Mag-aaral

Impluwensiya ng Lipunan at Pamilya - Ang pinakapangunahing salik sa paniniwala ng mga kalahok sa mga pamahiin ay ang pamilya, lalong-lalo na ang mga matatanda na nakahabi na sa kanila ang mga pamahiin. Mapapansin ito mula sa siping-pahayag sa ibaba:

Uhhh, ito po kasi yung turo ng mama ko at pati yung lola ko... kaya naniniwala ako.

Parang... 'Yong main reason lang po is my parents and other family members presented to me as a- as a child po.

Ang mga lolo at lola ang pangunahing salik sa paniniwala sa mga pamahiin dahil kadalasan ay sila ang maalam, nagtuturo, at maraming nasasabi ukol sa mga ito. Makikita ito mula sa kanilang mga tugon:

Pero mostly derived from my grandmother kasi siya palagi nagsasabi sa 'kin ng mga pamahiin as a kid.

Since sila [mga lolo at lola] po... sila po like, mainly 'yong nagsasabi sa 'kin n'ong bata po ako, and yah. Sila lang po talaga palagi nagsasabi na sa 'kin ng mga ganoon.

Uh siguro po kasi uhm na-influence- ah sila [mga lolo at lola] po nag-influence sa parents ko. And ang primary po na nag-influence sa 'kin is 'yong magulang ko po. Pero, I think uh kung bakit uh lolo at lola ko po 'yong inuna ko sa listahan kasi uh mas marami po silang alam? And uhm kapag pumupunta po sila dito sa bahay uh marami po talaga silang mga pinagsasabi.

Gayunpaman, malaking bagay pa rin ito dahil sa kanila nakikita at nagagaya ng kanilang mga anak ang pagsunod at patuloy na pagsasagawa ng mga pamahiin dahil napipilitan lang din silang gumawa sapagkat sila ay inuutusan ng kanilang mga magulang na gawin ito. Napag-alamang, ginagawa na lamang din ito ng iba bilang respeto sa mga mas nakatatanda. Mapapansing halos magkakatapat ang sagot ng mga kalahok:

Uh, para sa akin po kasi actively naniniwala si mama, like, hanggang ngayon naniniwalapa rin siya, inaaply niya pa rin yung mga pamahiin kaya sumasama nalang po ako.

Uhm kasi po like kapag may mga times na kailangan ko pong gawin 'yon, pinapagawa po nila [mga magulang] sa 'kin 'yon.

Karamihan sa mga, ano, pamahiin na alam ko, hindi ko rin alam yung rason kum'bakit pero basta sinusunod ko na lang ka- para- para naman hindi magalit yung mga matatanda o para wala naman kasi talagang nawawala kapag sinusunod mo yung mga pamahiin.

It's not much of a big deal kapag gagawin mo kasi yun like kunwari, napilit ka lang pero hindi naman kasi masyadong, you're taking big measures to do that.

Usually, umm everytime like everytime that I can do it kasi usually umm my mother gets angry at me if I don't do it like if I don't wear red if it is a birthday na you are wishing them to die mga ganoon.

Maliban sa mga ito, napipilitan na lamang din sila dahil sila ay natatakot sa mga masasamang bagay na maaaring mangyari kapag hindi sinunod ang mga pamahiin, gaya ng sabi ng ilan sa mga kalahok:

Natatakot din po pag linalabag ko 'yon kasi, yah, may mga consequences na sinasabi po ng mga grandmothers and parents ko po.

Ay also, uhm, takot po ako sa mga consequences kasi sabi po ng mga matatanda kapag hindi mo pinapaniwalaan 'yong uh parang mamalasin daw po.

Ayaw ko kasing malasin kasi my parents and grandparents say that if I don't do this I will have many years of bad luck mga ganoon.

Masasalamain ditong naniniwala at sumusunod na lamang ang mga anak at apo tanda ng kanilang respeto sa mga matatanda at para hindi rin sila magalit o mapagalitan ng mga ito. Napansin din sa pag-aaral nina Balatucan et al. (2019) at Yahyah-Muti (2016) kung saan ang pangunahing impluwensiya sa paniniwala ng mga estudyante sa mga pamahiin ay ang kanilang kapamilya, partikular na ang mga lolo at lola. Makikita rin ang impluwensiya ng mga ibang tao sa lipunan.

Siyempre nakukuha ko na rin sa ano exposure ko sa different people from school. Sasabihin nila na Uy bawal ganito, bawal ganiyan. Ayon, so siyempre na-intake mo.

Ang mga ito ay napapatnubayan ng kultura at relihiyon. Natuklasan din ito nina Mantikayan at Abas (2015) at Talbo (2018) na malalim ang pagkakaugat ng mga pamahiin sa kultura at relihiyon ng tao:

Uhm I think- may hinahalo pong religion- I mean, relihiyon na aspect 'yong lola ko sa 'kin noong sinasabi niya 'yon sa 'kin po.

And also, religion, uh religion not sure po kung-kung may definite answer po ako sa, or, ah, definite uh reason po ako kung bakit religion 'yong sinabi ko pero siguro sa mga sermon po ng mga pari. May mga nababato rin po silang mga pamahiin na dapat gawin. Lalo na kapag uhm holy week.

Karamihan din kasi sa mga pari namin eh siyempre they're quite empathic sa mga tao, so may mga nadidiscuss sila na pamahiin ng tao ta's nirerelate nila sa sermon.

Sa kultura naman po uh likas po sa, wait, uh kultura ng mga Ilokano ang pagkamapamahiin?

Dalas ng Pagsasagawa at Pagsasalin-dila ng mga Pamahiin - Maraming mga pamahiin ang pinaniniwalaan ang mga Pilipino at ang mga ito ay karaniwang maririnig o makikitang isinasagawa sa pang-araw-araw na pamumuhay at mga mahahalagang kaganapan sa buhay ng isang tao. Ayon sa ilang kalahok, ang mga pamahiin ay karaniwang ginagawa araw-araw tulad ng pagsasabi ng “bari-bari” o “tabi-tabi po” para sa mga sobrenatural na nilalang. Samantala, ang iba namang pamahiin ay isinasagawa kung naaayon ito sa nasabing gawain o pagdiriwang:

Uhm... As often as- ano... Uhm... parang... hindi naman kasi everyday na pumupunta ka sa lamay, may kinakasal.

Usually, umm everytime like everytime that I can do it kasi usually umm my mother gets angry at me if I don't do it like if I don't wear red if it is a birthday na you are wishing them to die mga ganoon.

Napatunayan sa pag-aaral nina Lopez et al. (2015) kung saan kahit walang agham na pagpapatibay ang mga pamahiin, naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng ilang mga tao sa panahon noon at ngayon ang pamahiin. Gayunpaman, ayon naman kina Bautista et al. (2020), minsan ang mga pamahiin ay nagbibigay ng mga gabay para sa mga aksiyon na isasagawa at tamang pag-uugali para sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa ibang tao. Mula sa mga nabanggit, naging salik ito na naging bahagi na ng pamumuhay at kultura ng mga Pilipino ang mga pamahiin ay kinagisnan na ng mga Pilipino kung saan tila hindi kumpleto at payapa ang isang pagdiriwang kung hindi ito isinasagawa.

Ang Banta ng Agham - Sa panahon ngayon, napakalaki ang impluwensiya ng agham sa buhay ng mga tao. Kaya isa ito sa mga pinakamalaking impluwensiya kung bakit hindi pinapaniwalaan o pinaniniwalaan ang isang pamahiin. Ang social media ay nakatutulong sa paniniwala ng mga estudyante sa mga pamahiin dahil sa pagiging mausisa sa mga bagay-bagay batay sa mga nababasa nila onlayn:

Especially sa social media, minsan may mga makikita kang tweets about superstitions. Tapos siyempre ma-cucurious ka kasi parang hindi mo pa napakinggan ito, napakinggan na 'yon. Or like 'yong mga news articles na nagsasaboy sila ng ganito. Nagsasaboy sila ng ganito ganyan para sa groundbreaking, kunwari.

May mga epekto rin ang agham kung saan hindi na pinaniniwalaan ang ilan sa mga pamahiin. Sinusugan ito ng pag-aaral ni Yahyah-Muti (2016) kung saan nakitang mas bumaba ang bilang ng mga kalahok na naniniwala sa mga pamahiin matapos ang siyentipikong interbensiyon. Ayon sa mga kalahok, hindi sila naniniwala sa isang pamahiin kung wala itong siyentipikong paliwanag or ebidensiyang makapagsasabi na ito ay totoo:

Uh hanggang ngayon po, uh, medyo hindi na rin po ako naniniwala sa mga pamahiin na 'yan kasi uh halos lahat naman po walang scientific explanation.

Hindi po ako masyadong naniniwala po talaga kasi wala po siyang scientific explanation.

Siguro huwag mo na lang paniwalaan kasi wala namang scientific explanation.

Napatunayan din sa pag-aaral nina Lopez et al. (2015) na ang hindi paniniwala ng mga pamahiin ay dahil sa wala itong siyentipikong batayan o kaya walang batayang pag-aaral na magpapatunay na ito ay totoo. Pinaniniwalaang ang mga pamahiin ay bahagi lang ng kulturang ipinasa ng mga ninuno at hindi pa rin napatutunayan hanggang sa ngayon. Dahil dito, naging mahirap para sa mga kalahok na sundin ang ilan sa mga ito dahil wala silang kongkretong batayang mapanghahawakan sa pagsunod nito.

3.3 Implikasyon ng mga Pamahiin

Personal - Ilan sa mga positibong epekto o implikasyon ng mga pamahiin sa personal na buhay ng mga kalahok ay ang pagdulot nito ng pagiging mas maingat at mapagmatyag sa kapaligiran at sa ibang tao dahil parte ng paniniwala sa mga pamahiin ang natural na pagsaalang-alang sa mga pangyayari, kapaligiran at ibang tao. Kung naniniwala at nakasanayan na ng isang tao ang pagsagawa o pagsunod sa mga pamahiin, natural na lamang ang pagpuna kung naayon ba sa okasyon o pangyayari ang mga aksiyon o galaw ng isang tao. Bukod pa rito, nagiging mas bukas din ang isip nila sa ibang bagay dahil nasasanay silang pinag-iisipan muna ang kung anong mga dapat na gawin upang maisaalang-alang o maiayon sa iba pang bagay o pangyayari. Sang-ayon din dito sina Abanilla et al. (2018) na nagsasabing isa sa mga katangian ng mga Pilipino ay ang paniniwala sa mga pamahiin na

ginagamit bilang isang batayan o gabay bago gumawa ng isang desisyon.

Pagdating naman sa negatibong epekto nito: kabalikat ng pagsunod o paniniwala sa mga pamahiin ay ang paglimita nito sa mga maaari o nais gawin ng isang tao. Dahil dito, nalilimitahan ang maaaring gawin ng mga tao sa kapupuna kung tama o mali ba ang ginagawa nila upang maiayon sa mga pamahiing pinaniniwalaan o kailangang sundin. Ayon din kay Levental et al. (2021), ang mga pamahiin ay naglalayong makapagbigay ng kahit na anong katiyakan ukol sa hinaharap.

Lipunan - Ang mga pamahiin ay tila nagdidikta ng mga opinyon o kaisipan ng mga tao. Maaring dahil dito, ang mga pamahiin ay nagiging batayan ng kung ano ang mayroon sa isang indibidwal at ang kaniyang interaksyon sa kaniyang kapaligiran o lipunan. Naglalaman din ang mga pamahiin ng etika, mga tuntunin ukol sa moralidad, at mga pamantayan kung paano makitungo ang mga tao sa lipunan. Sa madaling salita, naiimpluwensiyahan ng mga pamahiin ang kilos at pag-uugali ng mga tao sa lipunan upang hindi sila lumihis sa mga pamantayang itinakda ng ating lipunan at kultura (Hansul Ulya et al., 2018, Del Castillo et al., 2021). Halimbawa na lamang ang paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain, kilos, o *routine*. Ang mga gawain ay nakaaapekto ng mga ibang tao sa pagkakataong nag-aalok ang mga naniniwala na makibahagi sa *bandwagon*. Maaring nakapagdudulot ang mga ito ng kaginhawaan o kasamaan. Kaginhawaan, kung saan nagkakaroon ng pagkakaisa sa isang komunidad tungkol sa mga pananaw sa buhay. Ang pagtutugma ng mga pinaniniwalaan na maaaring magdala ng pag-usbong sa pamamagitan ng maayos na pakikisama, na nagpapasibol din sa kahulugan at saysay ng kanilang paksang kinabibilangan.

Samantala, ang mga pamahiin ay maaaring nakasasama sa lipunan dahil maaari itong makahadlang sa pag-aaral ng mga bagong pananaw ng mga tao, kung saan may mga pagkakataong hindi na tinatanggap ang mga ibang pananaw, at walang alintana kung ang mga ito ay katotohanan o kasinungalingan. Kung tutuosin, maaaring maiugnay ang ideya sa pagiging mapaniwalain ng mga Pilipino sa mga maling pabatid o impormasyon; na kung saan ay nakapagbibigay ng malisya sa ilang pananaw.

Kultura - Ang mga pamahiin, maliban sa kanilang layuning magpakita ng kung ano ang mga katangiang mayroon sa isang tao, ay nagsisilbi rin bilang isang salamin ng kultura ng iba't ibang pangkat o uri ng mga Pilipino. Ang sining at kasaysayan ng Pilipinas, ang nag-iimpluwensiya o lumilikha ng isang pamahiin. Ang mga pinaniniwalaan ay naipapasa sa pamamagitan ng mga pangkat sa isang pamilya, angkan, o baryo na gaya ng dugo at alahas, namamana rin ang mga pinaniniwalaan. Dahil dito, maaari din ang pagbuo ng kasaysayan at sining ay maaaring magmumula sa mga pamahiin. Isang halimbawa ang pag-aaral na isinagawa nina Chen at Young (2018) kung saan nakita nilang ang paniniwala sa suwerte ay nauugnay sa likas na pagkahilig sa mga pamahiin ng mga Asyano at Asyanong-Amerikano dahil sa pagkakaugat nito sa kultura nilang pagiging Asyano.

Maliban sa nabanggit, maaari ding makuha ang mga pinaniniwalaan kahit hindi sila bahagi ng pamilya sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya na kagaya na lamang ng social media. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng malawakang pagkakatuto ng iba't ibang konsepto at kulturang Pilipino.

3.4 Diskusyon sa Pangkalahatang Pananaw sa mga Pamahiin ng mga Mag-aaral

Kahit na alam ng mga estudyanteng walang siyentipikong paliwanag ang mga pamahiin, mayroon pa ring ilan sa mga ito ang naniniwala at nagsasagawa, o di kaya ay parehong hindi naniniwala pero isinasagawa. Karamihan sa mga kalahok ay naniniwala pa rin sa mga pamahiin dahil sa iba't ibang dahilan. Ilan lamang ang sumusunod sa naging tugon ng mga estudyante: nakasanayan na, wala namang masama, nagkatotoo, respeto, mamalasin, takot, kultura, at dahil pinaniniwalaan din ng mga magulang o lolo at lola at iba pang mga kakilala. Ganito rin ang nakita nina Besa et al. (2021) sa kanilang pag-aaral ng mga persepsiyon at kaisipan ng mga millennials sa mga pamahiin. Partikular na nakita nilang ang kaisipan ng mga kalahok tungo sa mga pamahiin ay nakabatay sa pamilya, kaugalian ng pamilya, pagsasagawa, mga tradisyon, mga pinapahalagahang prinsipyo, at kanilang mga karanasan. Ayon sa pag-aaral nina Lopez et al. (2015), isa sa mga tema ng pagtanggap pa rin sa pamahiin ng mga kalahok sa kanilang pag-aaral ay ang paniniwala ng pamilya na kinalakihan dahil ang pamilya

rin ang tumatayong pinakamaliit na yunit ng lipunan. Isa pang dahilan ng paniniwala ay ang takot sa matatanda at takot sa masasamang maaaring mangyari kung hindi nila sinunod ang mga ito.

Patuloy pa ring pinaniniwalaan ang mga pamahiin dahil wala namang masama at wala namang mawawala kung ito ay paniniwalaan. Ito ay suportado ng pananaliksik nila Balatucan et al. (2019), kung saan naitala na ang mga senior high school sa isang unibersidad ay naniniwala pa rin sa mga pamahiin dahil wala namang masama sa patuloy nilang pagsasagawa ng mga pamahiin at upang maging gabay sa pagdisiplina sa sarili. Ginagawa rin ito dahil ayaw nilang ipahamak ang kanilang sarili sa maaaring masamang mangyari dahil minsan ay nagkataong may mangyayari o hindi kaya ay may katotohanan din itong dala sa totoong buhay. Ito ay makikita rin sa pananaliksik nila Abanilla et al. (2018), na ang mga kabataang Cabuyeno ay patuloy pa ring naniniwala sa mga pamahiin sa kabila ng modernisasyon. Habang sa pananaliksik naman ni Sario (2017) kung saan naitala na ang karamihan sa mga henerasyon Z ng pangalawang rehiyon ay mayroon pa ring tradisyonal na kaugalian at gusto pang matuto ukol sa mga pamahiing pambansa upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa kanilang kasaysayan at tradisyon.

4. Kongklusyon

Ilan sa mga naitalang pinakapinaniniwalaan nila ay ang mga pamahiing ukol sa pagpapakasal at pag-aasawa, mga pamahiing ukol sa kaarawan, at mga pamahiing ukol sa patay, lamay, at burol. Mula roon, mahihinuhang patuloy pa ring naniniwala ang mga kabataan sa mga pamahiin kahit na alam nilang wala itong mga siyentipikong batayan. Hindi nakitang batayan ang pagiging mag-aaral sa isang science high school o kasapi sa isang S&T na komunidad sa paniniwala o hindi paniniwala ng isang tao sa mga pamahiin. Makikitang pamilyar at hindi pa rin nawawala sa pamumuhay ng mga mag-aaral ang mga pamahiin. Maliban sa mga naitalang popular na pamahiin, mayroon ding mga pamahiing ispesipikong pinaniniwalaan ng isa o dalawang mag-aaral alinsunod sa kultura at lipunang kinabibilangan nito. Karamihan sa mga respondante ay pamilyar sa pamahiing may koneksyon sa patay, kasal at kaarawan. Habang ang hindi pamilyar naman para sa kanila ay mga pamahiing tungkol sa agrikultura. Ang mga salik sa paniniwala sa mga pamahiin ay malalim na nakaugat sa kultura at relihiyon ng mga Pilipinong karaniwang tumutukoy sa pundasyon ng isang pamilya. Napag-alaman ding salik ang agham partikular na ang social media sa paniniwala sa mga pamahiin dahil sa konseptong makabago nito. Napag-alaman at alinsunod sa mga pag-aaral na banta pa rin ang agham sa paniniwala sa mga pamahiin. Nakita rin ang implikasyon ng pamahiin sa personal na buhay na nagiging mas mapagmatyag sa kapaligiran ang mga mag-aaral ngunit kabalikat ng paniniwala sa mga pamahiin ay ang paglimita nito sa mga nais gawin ng isang tao. Ang mga pamahiin ay tila nagdidikta ng mga opinyon o kaisipan ng mga tao sa lipunan. Ito ay maaring maging susi sa pagkakaisa sa isang komunidad tungkol sa isang pananaw o kaya makahadlang sa pag-aaral o pag-usbong ng mga bagong pananaw. Bukod rito, malaki ang implikasyon ng mga pamahiin sa kultura dahil ito ay isang salamin ng iba't ibang pangkat o uri ng mga Pilipino sa kanilang pamumuhay at nagkakaroon ng malawakang pagkakatuto ng iba't ibang konsepto sa kulturang Pilipino.

4.1 Rekomendasyon

Mula sa mga napag-alaman at kongklusyon ng pag-aaral na ito, galugarin pa lalo ang mga idea at paniniwala ng mga mag-aaral sa mga pamahiin at tukuyin ang pagkakaiba at pagkakaipareho ng mga ito sa bawat henerasyon; maging lunsaran ang mga pamahiin bilang kagamitang panturo sa mga aralin sa Filipino at kasaysayan para hindi mawala o malimutan ang mga paniniwalang ito na kabahagi na ng panitikan ng bansa; gamitin ang social media bilang lunsaran ng pag-aaral sa mga paniniwala o pamahiin ng mga gumagamit nito; at dalumatin pa lalo ang mga mahahalagang konsepto na may kinalaman sa mga pamahiin.

5. Sanggunian

Abanilla, M. L. N., Delfinado, C. R., & Galvez, A. L. (2018). Ang pagtangan sa mga sinaunang pamahiin at konsepto sa sarili ng mga piling kabataang Cabuyeno sa gitna ng modernisasyon. *Pamantasan ng*

Cabuyao.

https://www.academia.edu/35258952/ANG_PAGTANGAN_SA_MGA_SINAUNANG_PAMAHIIN_A_T_KONSEPTO_SA_SARILI_NG_MGA_PILING_KABATAANG_CABUYE%C3%91O_SA_GITNA_NG_MODERNISASYON

- Abad, P., Aldemita, V., Baluyot, M., Laurino, M., Padilla, C., Suarez, R., Sur, A., Talapian, G., Tan, M., & Reyes, M. (2014). Cultural beliefs on disease causation in the Philippines: Challenge and implications in genetic counseling. *PubMed Central*. <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC4159471/>
- Alcartado, P. S. (2004). Religious beliefs, rituals and practices among selected Tinguian and Ilocano high school students of Abra: an ethnographic study. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral/30
- Almonte, C. (2016). Superstition in the Philippine stock market. *Review of Integrative Business and Economics Research*, 5(2), 84-96. https://sibresearch.org/uploads/3/4/0/9/34097180/riber_k16-015_84-96.pdf
- Balatuacan, R., Manlangit, R., Calfoforo, S.D., Mirasol, R., Cruz, N.J., Moises, J. (2019). Pag-aaral ukol sa mga epekto ng paniniwala sa pamahiin ng mga senior high students' ng Unibersidad ng Our Lady of Fatima. <https://pdfcoffee.com/aksyon-risert-formatdocx-pdf-free.html>
- Bautista, C., Guinares, T., Sampol, V., & Tohay, C. (2020). Pamahiin sa kontemporaryong panahon at importansya nito sa Gen Z. *Academia.edu*. https://www.academia.edu/44041955/Pamahiin_sa_kontemporaryong_pannahon_at_importansya_nito_sa_Gen_Z?pop_sutd=false
- Czarniawska, B. (2004). *Narratives in social science research*. SAGE Publications.
- Cruz-Lucero, R. (2013). Gods, monsters, heroes, and tricksters in Adelina Gurrea's Cuentos de Juana. *Kritika Kultura*, (20), 99–128. <https://doi.org/10.13185/kk2013.02006>
- Del Castillo, F., Del Castillo, C. D., & Corpuz, J. C. (2021). Dungaw: Re-imagined Religious Expression in Response to the COVID-19 Pandemic. *Journal of religion and health*, 60(4), 2285–2305. <https://doi.org/10.1007/s10943-021-01266-x>
- Hasnul Ulya, R., Effendi Thahar, H., Asri, Y., & Agustina, A. (2018). *Cultural manifestation in superstition of Minangkabau society* (pp. 422–429). Indonesian Institute for Counseling, Education and Therapy (IICET). <https://doi.org/10.29210/2018160>
- Kajiru, I., & Nyimbi, I. (2020). The impact of myths, superstition, and harmful cultural beliefs against albinism in Tanzania: A human rights perspective. *Potchefstroom Electronic Law Journal*, 23, 1–27. <https://doi.org/10.17159/1727-3781/2020/V23I0A8793>
- Levental, O., Carmi, U., & Lev, A. (2021). Jinx, control, and the necessity of adjustment: Superstitions among football fans. *Frontiers in Psychology*, 12. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.740645>
- Lopez, R. M., Raboy, K.L., Mangangot, J. G., & Nale, V. (2015). Pamahiin nila noon, buhay pa ba ngayon? Pagsusuri sa mga pamahiing nananatili mula noon hanggang ngayon. *Psychology Society Publications*. https://1715373997_rsc.cdn77.org/wp-content/uploads/2015/11/Pamahiin-PSP-PSU.pdf
- Mantikayan, S. M., & Abas, E. L. (2015). Traditional rice farming ritual practices of the Maguindanao in southern Philippines. *American Journal of Agriculture and Forestry*, 3(6-1), 15-18. <https://article.ajoaf.org/html/10.11648.j.ajaf.s.2015030601.14.html>
- Pacheco, L. L., Magbato, L. O., Jr., & Alfaras, R. S. A. (2021). Sociological factors that influence the practice of superstitions among CPSU students. *Asian Journal of Behavioural Sciences*, 3(3), 11-23. <https://myjms.mohe.gov.my/index.php/ajbs/article/view/15065/7718>
- Philibín, C. N., & Mac Con Iomaire, M. (2021). An exploratory study of food traditions associated with Imbolg (St. Brigid's Day) from The Irish Schools' Folklore Collection. *Folk Life*, 59(2), 141–160. <https://doi.org/10.1080/04308778.2021.1957428>
- Sario, M. L., (2017). *Gen Z, Taglay pa ba Nila ang mga Tradisyon at Kaugaliang Pilipino? Ang Hamon ng Gen Z*. <https://linapnu.wordpress.com>
- Talbo, W. (2018). Ilocano beliefs and practices during house construction and building. *International Journal of Scientific & Engineering Research*, 9 (10), 103-114.
- Yahya-Muti, R. M. (2016). Scientific perspective of Meranao students' superstitious beliefs in food preparation and preservation. *International Journal of Humanities and Social Sciences*, 8(2), 26-36.

